# FILIPINO WORKSHEETS

## Aralin 1:

I. **Panuto:** Piliin sa loob ng kahon ang kasingkahulugan ng salitang may salungguhit sa bawat pangungusap. Isulat sa patlang ang sagot.

**MGA PAGPIPILIAN SA KAHON:**

**ipinanukala | malasakit | natunghayan | umiiyak**

**itaas | mayaman | pumatak | winasak**

**magdadala | nakabawi | pumunta | yumurak**

_______________ 1. Nalungkot si Lisa sa kaniyang **dinatnan** dahil nagbago ang baryong dati ay malinis.

_______________ 2. May **nagtungo** ritong mga negosyante at nag-alok ng malaking pera para sa mga puno.

_______________ 3. Nawalan na sila ng **pakialam** sa baryo natin.

_______________ 4. Ako na ang **bubuhat** ng iyong mga gamit.

_______________ 5. Nang makauwi na si Lisa sa kanila ay **bumuhos** ang malakas na ulan.

_______________ 6. Nagdesisyon si Lisa na **iakyat** na ang lahat ng kanilang mga gamit dahil sa baha.

_______________ 7. Masyadong maraming **pininsala** ang bagyo.

_______________ 8. Mayamaya ay lumapit ang isang kabaryo ni Lisa na **tumatangis**.

_______________ 9. Dahil sa mga dumating na tulong ay unti-unting **nakabangon** ang mga tao sa Baryo Luntian.

_______________ 10. **Iminungkahi** niya ang muling pagbabalik ng kalinisan at kaayusan sa baryo.

II. **Panuto: Tukuyin kung pantangi o pambalana ang pangngalan sa bawat bilang. Isulat ang sagot sa patlang.**

__________ 1. Jollibee

__________ 2. doctor

__________ 3. Baguio City

__________ 4. libro

__________ 5. Pasko

__________ 6. sapatos

LIVEWORKSHEETS

__________ 7. Dr. Santos

__________ 8. pusa

__________ 9. Nike

__________ 10. kompyuter

**III. Panuto: Piliin sa loob ng panaklong ang angkop na panghalip panao sa bawat pangungusap.**

1. Mabait ang aking guro. (Siya, Sila, Ako) ay palaging nakangiti sa amin.
2. Ako at si Marco ay magkaibigan. (Kami, Kayo, Sila) ay madalas maglaro ng patintero.
3. Ikaw at si Ben ay magkapareha. (Tayo, Kayo, Sila) ang mag-aayos ng mga mesa.
4. "Gusto nina Ana at Maria na magbasa," sabi ni Carl. (Sila, Kami, Kayo) ay nasa silid-aklatan.
5. Ako ang naglinis ng kwarto. Matutuwa si Nanay kapag nakita (siya, ako, ito).

**IV. Panuto: Isulat sa patlang ang I kung ang panghalip na may salungguhit ay isahan, D kung dalawahan, at M kung maramihan.**

_____ 1. **Ako** ang nagpapakain sa aming alagang aso.

_____ 2. Mag-usap **kata** tungkol sa ating proyekto bukas.

_____ 3. **Kayo** ba ang maghahatid ng pagkain sa mga bisita?

_____ 4. **Siya** ang napiling kinatawan ng ating klase.

_____ 5. **Sila** ay sabay-sabay na pumunta sa simbahan.

**C. Panuto: Tukuyin kung palagyo, paukol, o paari ang panghalip na may salungguhit. Isulat ang sagot sa patlang.**

__________ 1. Sa **akin** ang bag na kulay pula.

__________ 2. **Ako** ay mag-aaral nang mabuti para sa pagsusulit.

__________ 3. Ang balita ay tungkol sa **kaniya.**

__________ 4. Ang **kanilan**g proyekto ay nakakuha ng mataas na marka.

__________ 5. **Ikaw** ang napiling maging pinuno ng grupo.

**Aralin 2:**

**PALAWAKIN**

I. **Panuto:** Hanapin sa Hanay B ang kasingkahulugan ng mga salita sa Hanay A. Isulat ang letra ng tamang sagot sa patlang. Pagkatapos, gamitin ang bawat salita mula sa Hanay A sa iyong sariling pangungusap.

LIVEWORKSHEETS

| Hanay A | Hanay B |
|---|---|
| _____ 1. angkop | a. itinabi |
| _____ 2. bayani | b. tatanungin |
| _____ 3. bilin | c. pananampalataya |
| _____ 4. inipon | d. nakapagptatag |
| _____ 5. inspirado | e. atas |
| _____ 6. magbabad | f. akma |
| _____ 7. magkukumpuni | g. ganado |
| _____ 8. nakapagpundar | h. tagapagligtas |
| _____ 9. pananalig | i. payo |
| _____ 10. utos | j. gagawa / mag-aayos |
| | k. maglagi / magbabad |

**II. Pagbuo ng Sariling Pangungusap:**

*(Pumili o magsanay sumulat ng pangungusap gamit ang mga salita mula sa Hanay A)*

1. **angkop:**

   *Pangungusap:* ______________________________________________

2. **bayani:**

   *Pangungusap:* ______________________________________________

3. **bilin:**

   *Pangungusap:* ______________________________________________

4. **inipon:**

   *Pangungusap:* ______________________________________________

5. **inspirado:**

   *Pangungusap:* ______________________________________________

6. **magbabad:**

LIVEWORKSHEETS

*Pangungusap:* ___________________________________________________

7. **magkukumpuni:**

   *Pangungusap:* ___________________________________________________

8. **nakapagpundar:**

   *Pangungusap:* ___________________________________________________

9. **pananalig:**

   *Pangungusap:* ___________________________________________________

10. **utos:**

    *Pangungusap:* ___________________________________________________

**III.** **Panuto:** Tukuyin kung ang pangngalang may salungguhit ay **tahas**, **basal**, **lansak**, **hango**, o **patalinghaga**. Isulat ang sagot sa patlang.

1. __________ Dumagsa ang **madla** upang manood ng konsyerto.
2. __________ Ang **bango** ng bulaklak sa hardin ay nakagiginhawa.
3. __________ Nais niyang makamit ang **katarungan** para sa pamilya.
4. __________ Nagdulot ng malaking **kadiliman** sa kaniyang buhay ang pagkatalo.
5. __________ Hangad ng bawat mamamayan ang **kalayaan** ng bansa.
6. __________ Ang **kapayapaan** sa ating bansa ay hangad ng bawat mamamayan.
7. __________ May isang **kawan** ng mga ibon ang lumipad sa kalangitan.
8. __________ Huwag kang maging **ahas** sa iyong mga kaibigan.
9. __________ Naghanda ng masarap na **pagkain** si Nanay para sa bisita.
10. __________ Ang **katalinuhan** ay isang mahalagang kayamanan.
11. __________ Dinala nila ang matinding **galit** sa kanilang puso.
12. __________ Bumili si Ate ng bagong **sapatos** para sa pasukan.
13. __________ Ang **ginto** sa kaniyang kamay ay simbolo ng kaniyang yaman.
14. __________ Nakinig ang buong **pangkat** sa panuto ng kanilang lider.
15. __________ Ang **kasiyahan** ng pamilya ang kaniyang pangunahing layunin.

**IV.** **Panuto:** Piliin sa loob ng panaklong ang tamang panghalip pamatlig upang mabuo ang pangungusap.

1. "Hawak ko na ang susi, (ito, iyan, iyon) ang gagamitin natin sa pinto."
2. "Tingnan mo ang ibon sa itaas ng puno, napakaganda ng kulay ng pakpak n(ito, iyan, iyon)."
3. "I-abot mo sa akin ang baso na nasa tabi mo, lagyan natin ng tubig (ito, iyan, iyon)."
4. "Iwan mo muna (dito, diyan, doon) sa mesa mo ang iyong bag habang lumalabas ka."
5. "Pumunta tayo (dito, diyan, doon) sa kabilang kalsada upang makasakay ng jeep."

**V. Panuto:** Punan ang bawat patlang ng angkop na panghalip pamatlig (*ito, iyan, iyon, dito, diyan, doon*).

Isang araw, namasyal sina Ben at Leo sa silid-aklatan.

"**(1)** __________ ba ang bagong librong hinahanap mo?" tanong ni Ben habang itinuturo ang hawak ni Leo.

"Oo, **(2)** __________ nga! Matagal ko na itong gustong basahin," sagot ni Leo.

LIVEWORKSHEETS

Inilagay nila ang iba nilang gamit sa malapit na mesa. "Iwan muna natin **(3)** __________ sa tabi natin ang ating mga bag," sabi ni Ben.

Tumingin si Leo sa malayang dulo ng silid. "Tingnan mo ang malaking mapa **(4)** __________ sa kabilang pader, napakaganda!"

"Halika, pumunta tayo **(5)** __________ upang makita natin nang malapitan," aya ni Ben.

## Aralin 3:

**I.Panuto:** Isulat ang **PL** kung Panlalaki, **PB** kung Pambabae, **DT** kung Di-tiyak, at **WK** kung Walang Kasarian.

1. Hari -
2. Ninang -
3. Guro -
4. Sapatos -
5. Tiyuhin -
6. Madre -
7. Kaibigan -
8. Lamesa -
9. Kuya -
10. Piloto –

**II. Panuto:** Buoin ang pangungusap gamit ang tamang **panghalip panaklaw**. Piliin ang sagot sa ibaba. .

**lahat | ilan | bawat isa | sinuman | karamihan**

1. __________ ay inaanyayahang dumalo sa programa ng paaralan.
2. __________ sa mga mag-aaral ay sumali sa paligsahan.
3. __________ ay may kanya-kanyang tungkulin sa pangkat.
4. __________ sa mga bata ay nagdala ng baon.
5. __________ ay maaaring tumulong sa paglilinis ng silid-aralan.

## Aralin 4:

**I.Panuto:** Tukuyin ang kahulugan ng mga salita sa **Unang Hanay**. Piliin ang tamang sagot mula sa **Ikalawang Hanay**. Isulat ang titik ng tamang sagot sa patlang.

| Unang Hanay | Ikalawang Hanay |
|---|---|
| _____ 1. Bughaw | A. Pakinabang |
| _____ 2. Umiindak | B. Naiintindihan |
| _____ 3. Luntian | C. Sumasayaw |
| _____ 4. Silbi | D. Asul |
| _____ 5. Nauunawaan | E. Berde |

LIVEWORKSHEETS

**II. Panuto:** Tukuyin ang kailanan ng pangngalan sa bawat bilang. Isulat sa patlang ang **IS** kung isahan, **DL** kung dalawahan, at **MR** kung maramihan.

______ 1. mag-ama

______ 2. ginoo

______ 3. mga guro

______ 4. magkakaibigan

______ 5. mag-ina

______ 6. apat na libro

______ 7. bulaklak

______ 8. magkakapatid

______ 9. magkapareha

______ 10. maipagmamalaking mamamayan

**III. Panuto:** Punan ang patlang ng angkop na panghalip na patulad (*ganito, ganyan, ganoon*).

1. "Tingnan mo ang hawak kong gawa, __________ ang tamang pagpinta," sabi ni Alex.
2. "Huwag kang malungkot, talagang __________ ang buhay kapag may pagsubok," payo ng nanay sa anak na katabi niya.
3. Kung __________ pala kalayo ang kanila ring puntahan noong isang linggo, mabuti na lamang at hindi tayo sumama.
4. "__________ ba ang tamang paghawak ng raket na ginagawa mo ngayon?" tanong ng coach sa kaniyang manlalaro.
5. Sundin natin ang panuto, __________ ang tamang paraan na itinuro sa atin kanina.

## Aralin 5:

**I.Panuto: Isulat sa patlang kung ang pangngalan ay *payak*, *maylapi*, *inuulit*, o *tambalan*.**

_______________ 1. halaman

_______________ 2. silid-aralan

_______________ 3. araw-araw

_______________ 4. kasipagan

_______________ 5. punong-guro

LIVEWORKSHEETS

_______________ 6. bundok

_______________ 7. bulaklak

_______________ 8. bahay-kubo

_______________ 9. pagmamahal

_______________ 10. pamilya-pamilya

**II.Panuto: Isulat sa tamang hanay ang bawat pangngalan ayon sa kayarian nito.**

| | | | |
|---|---|---|---|
| **kabayanihan** | **taong-gubat** | **isda-isdaan** | **hangin** |
| **tubig** | **magkaibigan** | **kasingkasing** | **sulat-kamay** |
| **likas-yaman** | **pagkain** | **gabi-gabi** | **dalampasigan** |

| **Payak** | **Maylapi** | **Inuulit** | **Tambalan** |
|---|---|---|---|
| _______________ | _______________ | _______________ | _______________ |
| _______________ | _______________ | _______________ | _______________ |
| _______________ | _______________ | _______________ | _______________ |

**II. Panuto:** Basahin ang bawat pangungusap. Piliin ang tamang **panghalip pananong** mula sa pagpipilian. Isulat ang sagot sa patlang.

**sino** | **sino-sino** | **ano** | **ano-ano** | **saan** | **saan-saan** | **kanino** | **kani-kanino** | **alin** | **alin-alin**

1. __________ ang iyong matalik na kaibigan?
2. __________ ang mga gamit na kailangan mo para sa proyekto?
3. __________ kayo pupunta pagkatapos ng klase?
4. __________ ang mga aklat na ito?
5. __________ sa mga laruan ang nais mong piliin?
6. __________ ang mga lugar na nais mong puntahan sa bakasyon?
7. __________ ang mga batang sumali sa paligsahan?
8. __________ ang dahilan ng iyong pagliban kahapon?
9. __________ ang mga bag na nasa ibabaw ng mesa?
10. __________ sa dalawang damit ang iyong pipiliin?

LIVEWORKSHEETS